

E-Mail From Our Scholar Jonathan Dangue (Mapua Alumni Association of San Diego)

Date: Wed, 26 Sep 2007 03:24:38 -0700 (PDT)
From: jonathan dangue <jonathan108211@yahoo.com.ph>
Subject: kumusta na po kayo!

Kumusta na po kayo!

Maraming salamat po sa walang sawa po ninyong pagsuporta sa aking pagaaral. Dalawang taon na po ang nakalipas mula ng matanggap ko po ang scholarship, tandang tanda ko po nung nag inquire po ako kina Sir Jong hanggang sa mga interviews ko po kina Tito Jojo at Tito Dan, sinubukan ko lang po noon kung matatanggap ako sa scholarship, akala ko pa nga po di ako matatanggap, mas matataas po kase ang mga grades nung mga nakasabay ko at mas magagaling magsalita. ganitong mga araw din po yun nung nag inquire ako sa office. ilang linggo din po ako nagintay para sa final interview nina Tito Jojo at Tito Dan. hanggang naging tatlo nalang po kaming mga applicants na pinabalik sa office, nanginginig po ako noon, sabi ko po sa sarili ko tatanggapin ko po kung sino man po ang mapipili para tumanggap ng scholarship, nagulat po ako nung ako po ang napiling bigyan ng scholarship, syempre po di ako makapaniwala nun. lalo po ako sinipag sa pagaaral mula ng natanggap ko po ang scholarship, dun ko po naranasan na gumaan ang aking pagaaral lalo napo kapag nag full academic scholar po ako, may nakukuha po kase akong sobrang pera na nagagamit ko naman po para sa mga plates ko.

Dalawang terms nalang po graduate na po ako, halos 6 na buwan nalang po yun, sabik na po ako makagraduate, dun po kasi makakapag work na po ako, mas magaan na po siguro dun ang buhay namin, mahirap kase maging estudyante lang, walang pinagkakakitaan.

simula na po ngayon ng thesis ko, di ko pa nga po alam kung anung project ang ipro propose ko po sa thesis. excited na po talaga ako mag thesis.

tumakbo nga po pala ako ngayong term bilang central student council ng mapua, una po nagdalawang isip po ako kung tatanggapin ko po yung offer ng president namin sa school of architecture na tumakbo, kase baka po di ko po mabigay yung full attention sa pagaaral ko po, pero inisip ko rin po na di lang po sa pagaaral ako may matutunan, meron po sigurong magandang dahilan kung bakit ako pinatakbo, di ng po sana ako ang tatakbo sa position na CSC ng Architecture, di lang po kase umabot sa grade requirement yung isa ko pong classmate kaya ako po yung kinuha. natutuwa po ako kase naramdaman ko po na may tiwala sila sakin kaya tinakbuhan ko na. yun po nanalo po ako at naging treasurer ng CSC, good luck nalang po sakin kasi buong Mapua po ang hawak ko, alam ko po magiging mahirap po para sakin pero kakayanin ko po, alam ko naman po na marami ako matutunan bilang student leader.

Tito, Tita, pagpasensyahan nyo na po grades ko ngayong term, di po ganung kataas mga nakuha ko, siguro po last design na po namin to na individual kaya sinala po kami ng professor namin, halos isang section din po ang nalagas, sa dati na 2 section, akala ko nga po babagsak pa ako, pero nakaya ko po kahit papano, kaya masaya narin ako sa nakuha ko. may subjects din po na ako ang pinakamataas, dun po masaya na po ako. susubukan at gagawin ko po na makabawi sa susunod na dalawang terms.

maraming maraming maraming salamat po sa inyo pong walang sawang pagsuporta sa akin pong pagaaral. balang araw po magagantihan ko po kayo sa inyo pong mga kabutihan. gabayan po nawa kayo parati ng ating Panginoong Diyos.

jonathan

ito nga po pala grades ko last term.

Course	Section	Grade	Completion
AR481	BR1	2.50	
AR484S	BR1	2.50	
ARPP433	AR1	1.75	
CADDES211L	BR1	2.25	
CADDES212	BR1	2.25	

Weighted Average: 2.23

For more info regarding Mapua Alumni Association of San Diego visit www.andylopez.ws/mapuaalumni